Ang EECQ na nakapaloob sa Executive Order No. 21 na nilagdaan ni Quezon Governor Danilo Suarez ay sinimulan noong Abril 9, 2020 at matatapos sa Abril 30, 2020.

Sa pagsasailalim sa EECQ ng buong lalawigan, hindi basta-basta makakalabas at makakapasok ang sino man na walang permit at travel documents gayundin ang mga nasa bawa't munisipalidad/siyudad at kailangan ang travel clearance mula sa LGU.

Mahigpit ding ipinatutupad ang home quarantine kung saan makalalabas lang ng bahay ang isang miyembro ng pamilya para bumili ng pagkain at gamot sa pamamagitan ng quarantine pass na naaayon sa itinakdang oras at mga araw ng paglabas.

Tatlong metro na rin ang social distancing sa mga palengke, sari-sari store at mga bangko.

Bukod dito, mahigpit na ring ipatutupad ang paggamit ng facemask gayundin ang curfew hours mula ika-8 ng gabi hanggang ika-5 ng umaga upang makaiwas sa pagkalat ng COVID-19 ang mga lokal na residente.

Patuloy ding ipinagbabawal ang mga pagtitipon, pagtambay sa mga tindahan gayundin ang pamamasada ng mga publikong sasakyan.

Samantala, base sa pinakabagong update na inilabas ng Quezon Public Information Office as of April 16, may naitalang 41 kumpirmadong kaso ng COVID-19 sa buong lalawigan ng Quezon, tatlo ang confirmed cases recovered and cleared, at anim na confirmed case deaths.

Sa nabanggit na bilang ng mga confirmed cases, nangunguna ang Lungsod ng Lucena sa may pinakamaring kasong naitala, 14 na kaso, pangalawa ang Lungsod ng Tayabas na may naitalang 7 kaso, at pangatlo ang bayan ng Candelaria na may apat na kaso. **(Ruel Orinday-PIA-Quezon)**

# Gov. Presby Velasco appeals for inclusion of barangay officials in SAP

**QUEZON CITY (PIA)** -- Marinduque Governor Presbitero J. Velasco, Jr. is appealing for the inclusion of the barangay officials in the government's social amelioration package (SAP).

He made the appeal during this morning's #LagingHanda Network Briefing aired nationwide over Radyo Pilipinas and all of Philippine Information Agency's social media platforms.

Velasco said that the Omnibus Guidelines on the Implementation of Emergency Subsidy Program (ESP) embodied in Memorandum Circular 09 of the DSWD excludes elected and appointed officials from receiving the ESP.

Velasco said that barangay officials are frontliners in the implementation of the ECQ in the barangay and are vulnerable to get COVID-19. "Talaga pong kawawa itong barangay officials and employees na mga frontliners sa pagsasagawa namin ng monitoring ng home quarantine at yung ECQ pati yung curfew. Talaga pong nakalantad sila," Velasco said. (I feel sorry for the barangay officials and employees who are the frontliners in monitoring of home quarantine, ECQ and the curfew. They are open to get the disease.)

Velasco said that barangay officials do not receive fixed salaries from government but a meager honorarium. "Dito sa probinsya, ang bababa ng tinatanggap; swerte na kung makatanggap ng Ph3,800 ata o Ph4,000," said Velasco. (Here in the province, they only receive a small amount; lucky if they get something like Ph3,800 or Ph4,000.)

The Governor said that he is appealing this case of the inclusion of barangay officials in the social amelioration package to President Rodrigo Duterte and to DSWD Secretary Rolando D. Bautista in a letter he is sending soonest.

Governor Velasco is the current Chairman of the Union of Local Authorities of the Philippines (ULAP), the umbrella organization of all leagues of local government units including the Liga ng mga Barangay. **(PIAMimaropa)**




## SKY CANDY, NAKASILAT!

Sa karerang naganap sa pista Ng Metroturf ay nanalo sa unang takbuhan ang kabayong si Charger na sakay ni Mark Lanot matapos na nagkaroon ng butas na kanilang nadaanan sa pagitan ng mga nasa unahan na sina Sorsogon Bay at Marahuyo papasok sa huling 200 metro ng labanan, sa puntong iyan ay nakasabayan nilang magparemate ang nasa gawing labas na si Boysofmeadows na medyo nakaagaw na ng bahagyang pagbandera ngunit sa lakas ng dating ng kabayong si Charger ay nalagpasan nila si Boysofmeadows pagdating sa meta. Sa sumunod na takbuhan ay eksaktong bitaw lamang ang pinakawalan ng hineteng si Mark Gonzalez sa sakay niyang outstanding favorite na si Top Attraction, pumangalawa ang dehadong si Camorra at pangatlo ang nagpakita na ng galing na si Mount Dulang Dulang. Sa ikatlong pakarera naman ay nagwagi ang paborito sa lahat na si Ginuhit Ng Tadhana na dala ni Jen Juco at naorasan ng tiyempong 1:11.8 (23'-21'-26') para sa 1,200 meters na distansiya. Sa ika-apat na takbuhan ay malakas na rumemate sa kalabas-labasan ang ultimo orang naliyamado sa bentahan na si Sir Rik na sinakyan ni Kelvin Abobo, nilagpasan nila ang dalawang nasa unahan na sina Unlimited Song at ang napagod na kabayo na si WatchoutAmcoming ni Patar Guce. Sa sumunod na karera naman ay nakapirmis na dumating sa labas ang hineteng si Onat Torres sa pinaka-dehadong si Aznari, na tila naobliga na lamang si Onat dahil sila na lamang ang may malakas na dating pagsapit sa rektahan dahil nakaramdam na rin ng pagod ang nagdikta ng harapan na si Born Unto Battle, pumangatlo sa kanila ang nasaraduhan na si A Song For Gee. Samantala, hugandong nagwagi naman ang bagitong mananakbo na 2YO na si Sky Candy na nirendahan ni John Alvin Guce sa kanilang maiden race assignment at sa klase ng galing na naipakita nila ay marami kaagad ang humanga sa husay ni kabayo na nakapagtala ng pruwebang 1:11.4 (23'-22'-25') para sa distansiyang 1,200 meters. Sa pinakahuling karera naman ay nailabas na ang tunay na galing ni Gintong Lawin na sinakyan ni Jesse Guce na nanguna sa kanilang takbuhan ng may limang kabayong agwat sa pumangalawang si Cleave Ridge habang kasunod naman si Jawo.





## Ginagawa ni Floyd Mayweather ang pag-comeback ng boksing

### sa virtual na computer

**Handa na si Floyd Mayweather na lupigin ang isa pang sukat ng modernong panahon habang sumali siya sa isang virtual platform na lilikha ng simulate na mga laban upang gawin ang mga laban na hindi nangyari at paano kung ang mga matchup ay magkatotoo sa isang live streaming game.**

Ang FaceBank, isang kumpanya ng virtual na entertainment kasama ang FuboTV, streaming platform ni Mayweather ang magiging pinuno para sa nasabing proyekto. Magtipon din sila at gagawa ng karapat-dapat sa iba pang mga magagaling sa boksing upang gawing mas pinaniniwalaan at nakakaaliw ang mga away. "Ang pagkakahawig ng mga maikling pelikula, ang mga tumpak, real-time na simulation ay magtatampok ng mga nangungunang mga lihim na mga resulta batay sa isang computer na pagmomolde na gagawa ng mga karagdagang ugnayan sa pagitan ng aktwal na pagganap, bilis ng mga suntok, bilis ng reaksyon, diskarte at tibay," sinabi nila sa isang balita paglabas na iniulat ng Reuters.

Hindi natalo si Mayweather sa kanyang propesyonal na karera sa boksing at top-tier para sa pinakapaborito sa boksing.




## PBA handang tumulong kay Asaytono matapos ang atake sa puso

Ang Philippine Basketball Association (PBA) ay magbibigay tulong sa dating bituin na si Nelson Asaytono na nakaranas ng atake sa puso kamakailan. Sinabi ni PBA Commissioner Willie Marcial na maging ang mga kapwa alamat ni si Asaytono ay gagawa rin ng kanilang bahagi sa pagbibigay ng tulong pinansiyal kay Asaytono. "Ina-ayus namin kung paano maipapa-abot ang tulong ng PBA dahil naka-ECQ pa tayo (Gumagawa kami ngayon ng paraan kung paano maipadala ang tulong dahil kami ay nasa ilalim ng pinahusay na quarantine ng komunidad)," sabi ni Marcial.


Ang 53-taong-gulang na si Asaytono ay ina-take sa puso habang naglalaro ng basketball sa General Trias kasama sina Bise Mayor Maurito Sison at katulong na pangulo ng NLEX na si Ronald Dulatre. Si Asaytono ay isinugod sa intensive care unit ng isang tiyak na ospital sa General Trias. Kasalukuyan na siyang nasa maayos na kalagayan makaraan mapalabas sa ospital.

Ang 6 foot na forward player ay naging pangalawang pangkalahatang pagpili sa ginanap na draft taon 1989, ang pinaka prolific draft na klase ng lahat na nagtampok din sa panghuling Rookie of the Year at Most Valuable Player na si Benjie Paras, Zaldy Realubit, Bong Alvarez, Romy Dela Rosa , Dindo Pumaren, Elmer Cabahug, Ric-Ric Marata, at Ato Agustin.

Matatandaan na naglaro si Asaytono sa loob ng 17 na panahon sa apat na koponan, na Purefoods (ngayon ay Magnolia), Pop Cola, San Miguel, at Red Bull, nagwagi ng pitong kampeonato at bahagi sa All-Star na may larong 10 beses.

Sa kabila ng hindi pagtagumpay na manalo sa MVP, na ang dahilan kung bakit siya kontrobersyal na hindi kasama sa 40 Pinakamahuhusay na Player ng All Time ng PBA, si Asaytono ay niraranggo sa ikalimang sa liga sa all-time scoring list ng liga na may 12,268 puntos.




## Dahil sa Covid-19 Tour de France kinansela


Ang Tour de France ay tuluyan ng kinansela dahil sa coronavirus pandemic.

Matatandaan na Hulyo 27 nakatakda sana ang 23-day, 21 stage na cycling event.

Napag kasunduan ng organizer sa nasabing event na bunsod pa rin sa laganap na ncov-2019 ay kanselahin ang naturang okasyon.

Maituturing na napaka halaga ng ating kalusugan at kaligtasan higit ang mga siklistang kalahok pati na rin ang mga fanatics sa bike. Na ilan lamang sa naging batayan ng organizer

Kaugnay ng kinakaharap ng krisis na ito sa bansa. Hindi nawawalan ng pag asa ang organizer at matutuloy din ang torneo sa hinaharap.




**ANG** ilan lamang sa maaksyong laro sa pagitan ng Ateneo De Manila University at University of the Philippines kung saan papasok pa lamang sa finals ay kenansila na ang ang UAAP Season 82 Women Volleyball dahil sa banta ng COVID-19 sa bansa. **(RGN)**

# HANEP SHOWBIZ

## ANGEL LOCSIN, LABIS ANG KASIYAHAN



**NAG-UMAPAW ang naramdamang kasiyahan ni Angel Locsin.**

Ang target kasing P11 milyong cash donations ay natamo ng aktres.

Ginawa ito ni Angel kaugnay ng kanyang mga programa para sa iba't ibang pagamutan sa bansa.

Kaya naman hindi nagatubili ang aktres sa paglunsad ng kanyang #UniTENTweStandPH campaign.

Lubos naman ang pasasalamat ni Angel sa lahat ng mga sumuporta at tumulong.

Sa pamamagitan ng mga nagparating ng donasyon ay nasungkit ang tamang pondo.

Dahil sapat na ang pondo para sa proyekto ay inanunsuyo last week ng aktres na inihinto na nila ang pagtanggap ng cash donations.

Ang pangunahing misyon ng #UniTENTweStandPH campaign ay mapagkalooban ng mga tent ang nasa 150 public and private hospitals sa Metro Manila.

Ang mga tent ay para sa mga healthcare frontliners na lumalaban sa panananalasa ng COVID-19.

Sinuportahan si Angel ng kanyang fiancé na si Neil Arce at mga kasamahan sa industriya.

Tumulong din sa kampanya ng aktres ang ilan niyang malalapit na kaibigan.

@@@

**LANI MERCADO-REVILLA,**
MASAYA PA RIN

Sa halip na COVID-19 ay 'COVID-14' ang nabanggit sa kanyang live video.

Dahilan upang pagpiyestahan sa social media ang pagkakamaling ito ni dating actress-turned politician Lani Mernado-Revilla.

Si Lani, na kasalukuyang alkalde ng Bacoor City sa Cavite, ay nagpaabot na ng paumanhin sa kanyang pagkakamaling ito.

Inabot lamang ng pagkalito ang mayora bunsod na rin ng napakaraming iniisip.

Hindi naman talaga biro ang humawak ng matinding responsibilidad bilang puno ng isang bayan lalo at lungsod ang Bacoor.

Sa kasagsagan ng live video ay sumagi sa isip ni Lani ang 14-days quarantine period.

Kaya hayun, nagkamali at sa halip na COVID-19 ay nabanggit ni Lani ay COVID-14.

Ganyan talaga ang karamihan sa atin, makakita lamang ng pagkakamali ay puputaktehin ka na.

Sa kabila naman ng kaliwa't kanang bash na tinamo ay masaya pa rin si mayora.

Sabagay, sabi nga ni Lani ay siya mismo ay natawa sa kanyang sarili.

Isa lang po iyan, walang perpekto at lahat ay nagkakamali.

# IISA... IKAW AT AKO

SA PANULAT NI KUYA ARMAN

**(Ika-55 labas)**

**INABUTAN** ng red signal ng traffic light at may napansing dalawang ibon ang magkasintahan habang nakahinto ang sasakyan.

"Tingnan mo, ang sweet ng dalawang ibon noh. Parang nakikisama pa 'ata sa ating nararamdaman."

Itinuro ni Jane kay Bernard ang dalawang hipon na naghahalikan sa pamamagitan ng pagdidikit ng kanilang mga tuka.

Natawa na lamang si Bernard at nang mag-green light ay muling itinuloy ang pagmamaneho.

"Bumili ka muna ng pagkain at maiinom para 'di tayo gutumin sa byahe. Medyo malayo rin ang lalakbayin natin."

Pagkalagpas ng toll gate at pagkabayad ay may nadaanan silang gasoline station na may katabing convenience store.

Pagkatapos ng kargang full tank ay minabuting tsekin ni Bernard ang mga gulong pati ang kanyang reserba.

"Patawarin mo ako Cecile, alam ko na dapat ay 'di kita iiwan. Pero mahal ko si Jane."

Naputol ang pagmumunimuni ni Bernard sa biglang pagpasok ni Jane sa kotse.

"Napansin kong tulala ka habang papalapit ako ng kotse, bakit? May problema ba?"

Ngiting matamis lamang ang isinagot ni Bernard sabay haplos sa mukha ni Jane.

"Problemang pinagsasabi mo, sobrang saya ko ngayon dahil kasama kita at tayo ay magkakasama na."

Dahil sa pangungulit at pagtatanong ni Jane kaya nagsalita na rin si Bernard.

"Akala ko kasi nagbabago na ang isip at pasya mo. Ako kasi ay talagang buo ang desisyong sumama sa 'yo."

Kumuha sa plastic bag ng isang pirasong sitsirya si Jane at sinusubuan niya si Bernard.

"Dahan-dahan lang baka mabilaukan naman ako. Konti-konti lang."

Sa sinabi ni Bernard ay kaagad namang naglabas ng mineral water si Jane.

"Mabilaukan! Problem aba 'yun eh heto at may iinumin tayong tubig ah."

Parang mga batang paslit ang magdyowa sa loob ng sasakyang habang bumabaybay.

Maingat naman si Bernard sa pagmamaneho, tamang tulin o speed lamang.

Hindi nakakalimutan ni Bernard ang dating bilin sa kanya ni Cecile na iwasan ang pagiging kaskaserong driver.

"May problema. Ano ba naman 'to at nakisabay pa."

**(Sundan)**




**(8)**

**PAGKATAPOS** makapaligo ay tatambay sa sala ng bahay si Lea at nanunuod ng telebisyon habang may kinukutkot na snack.

Kadalasan sa ganoong tagpo nadaratnan ng lola ni Mikel si Lea at nagbibigay galang naman siya sa matanda.

"Wala pa po eh, Miyerkules ngayon kaya medyo late ang uwi ni Mikel."

Kabisado na ni Lea ang mga pasok ni Mikel sa paaralan dahil naipakita naman sa kanya ng binata ang iskedyul.

"Busog pa naman ako kaya hintayin na lang ang apo ko at sabay-sabay na tayong maghahapunan."

Pagkasabi ng matanda ay dumiretso ito ng silid habang si Lea ay nanatili sa panonood.

Late na sila nakapaghapunan dahil pasado alas-nueve ng gabi nakauwi si Mikel.

"Lola siguro 'pag Miyerkules eh 'wag na ninyo akong hinihintay sa hapunan."

"Nale-late po kayo ng pagkain sa gabi eh, mas mainam na mauna na kayo kumain."

Ayaw naman ng matanda dahil mas gusto niya na sa agahan at hapunan ay magkakasabay sila sa pagkain.

"Bakit apo, ayaw mo na ba akong nakakasabay sa pagkain ha?

Tumigil sa pagsubo si Mikel at tumayo para malapitan ang kanyang lola.

"Ang lola nagtatampo, siyempre gusto ko kasabay ko kayo. Kaya lang po baka malilipasan kayo ng gutom dahil sa akin."

Hinaplus-haplos siya ng kanyang lola sa buhok at inutusang bumalik na sa pagkain.

"Lola 'di ka po ba nahihirapan sa araw-araw na ginagawa n'yo? Nagaalala rin po kasi ako para sa inyo eh."

Pagkakain ay nagtungo ang maglola sa sala at sa kanilang panunuod ng telebisyon ay sinabayan ng pagkukuwentuhan.

Ilang taon na lamang ay magsisitenta anyos na ang kanyang lola.

"Kayang-kaya ko pa apo, malakas pa ang lola mo. Isa pa maliit lang naman ang ating kabuhayan."

"Masuwerte rin naman ako dahil kahit paano ay mababait at masisipag ang mga tauhan ko."

"Pinagkakatiwalaan ko naman silang mga tao ko pero siyempre ay iba pa rin ang kadugo."

Alam naman ni Mikel ang ibig sabihin ng salitang iyon ng lola niya.

Kaya nga ang kinuhang kurso ni Mikel sa kolehiyo ay iyong may kaugnayan sa munting negosyo ng kanyang lola.

"Lea…Lea, bahala ka na sa apo ko ha."

**(Itutuloy)**

# OPERATING ROOM COMPLEX, IPINANGALAN SA BAYANING DOKTOR NG 'DASMA

**BILANG pagkilala sa kanyang kabayanihan at tapat na paglilingkod, ipinangalan ng isang pagamutan sa yumaong doktor ang Operating Room Complex sa Dasmarinas City, Cavite.**

Si Dr. Ronaldo Mateo, 48, na kabilang sa mga frontliners ay namatay nitong April 5 matapos ang ilang araw na pakikipaglaban sa virus na COVIV 19, ay isa sa mga pionner doctor surgeon ng pagamuntan ng Dasmarinas City at naging head din ng surgery.

Nagpositibo si Dr. Mateo sa nasabing sakit hinggil na rin sa dami na ng hinawakan at ginamot simula pa lang ng pagkalat ng virus.

Isinailalim sa quarantine ang nasabing doktor subalit habang ginagamot ito ay binawian na ng buhay.

Sa pagpanaw ng nabanggit na doktor ay nakiramay ang Pamahalaang Lungsod ng Dasmarinas sa pamilya nito at bilang pasasalamat at pagkilala sa kanyang kabayanihan at tapat na paglilingkod, ang Operating Room Complex ng Pagamutan ng dasmarinas City ay ipinangalan sa kanya at tatawagin bilang 'Dr. Ronaldo Mateo Operating Room Complex.' **GENE ADSUARA**

# Mass testing sa Bacoor

**SINIMULAN** kamakailan ang mass testing sa Lungsod ng Bacoor.

Ang mga suspected patients for Covid-19 na nasa quarantine facility ang mga naunang isinalang sa swab testing.

Tiniyak ng Lokal na Pamahalaan ng Lungsod ng Bacoor sa pangunguna ni Mayor Lani Mercado Revilla na agarang matapos ang mga isolation rooms sa Southern Tagalog Regional Hospital at makapagtalaga ng mga quarantine facilities sa pamamagitan ng pagconvert ng mga motels, hotels at inns sa Bacoor.

May dalawang klase ng tests sa mga pasyente, Nasopharyngeal swab (NPS) at Oropharyngeal swab (OPS).

Inaasahan na agad na malalaman ang resulta makalipas ang 2 hanggang 3 araw.

Pinangunahan ng City Health Office katuwang ang Provincial Health Office at Department of Health ang swab testing sa Lungsod.

Sinusulat ito ay may 32 suspected patients na isasalang sa swab testing at maaaring magdagdag pa sa mga susunod na araw.

Mananatili sa mga quarantine facilities at home quarantine ang mga probable and suspected patients habang hindi pa tapos ang araw na itinakda sa kanila. **PR**

# Mag-anak, mga kaibigan; sama-sama sa kulungan

**SAMA-SAMANG** nag-community quarantine sa loob ng kulungan ang magkakamag-anak at mga kaibigan nila nang naaresto sa isang buy bust operation at nakunan ng tinatayang P120,000 halaga ng hinihinalang shabu sa Gen Trias City, Cavite.

Nakakulong sa Gen Trias City Custodial Center ang mga suspek na sina Romar Mendoza, 47 ; magamang Reynaldo de Guzman, 69, at anak nitong si Richmond, 31; at pinsan na si Magic Kervin de Guzman, 29.

Kasama rin sa naaresto sina Janci Bibas, 32; Dave Aspuria, 38 at Heidian Javier, 39, pawang residente ng Purok 3, Brgy. Pasong Camachile 1, General Trias City.

Sa ulat ni PSSgt Harry Culanding, ng Gen Trias City Police Station, dakong alas-5:00 ng hapon nang nagsagawa ng buy bust operation ang mga miembro ng Drug Enforcement Unit (DEU) Gen Trias CPS at PDEA 4A sa Brgy Pasong Camachille 2 kung saan target si Mendoza na nasa listahan ng user at pusher.

Sa pagkakaaresto kay Mendoza, naaktuhan din ang iba pang suspek habang gumagamit ng ipinagbabawal na gamot.

Nakuha sa kanilang pagiingat ang tinatayng 17.50 gramo ng hinihinalang shabu na may street value na P120,000 at mga shabu paraphenalias na ginagamit sa pot session.

Kasong paglabag sa Section 5, 6, 7, 11, 14, 15, at 26, Article 2 ng R.A. 9165 and Resistance and Disobedience to a Person in Authority ang isinampa laban sa mga naarestong suspek. **GENE ADSUARA**

# HEIs allowed to end current academic calendar by April 30

**MANILA** – The Commission on Higher Education (CHED) has allowed colleges and universities using the old academic calendar, from June to May, to finish the current academic year by April 30 due to coronavirus disease (Covid-19) outbreak.

In its Covid Advisory No.6 released on Tuesday, the CHED said the higher education institutions (HEIs) are authorized to finish their current semester, trimester, quarter or equivalent academic period by April 30, 2020, utilizing a combination of flexible learning options that reflect the best assessment of their students' outcomes.

The CHED, on the other hand, discouraged in-person graduation ceremonies due to the need for physical distancing and the restrictions on mass gathering.

Meanwhile, HEIs using the new academic calendar, from August to July, were authorized to extend their semester for a maximum of one month after the lifting of the enhanced community quarantine (ECQ) which was extended to April 30.

"Given the extension of the semester, HEIs may conduct summer or midterm classes only for graduating students who need to complete their academic requirements; for students whose subjects are scheduled in the summer under the policies standards guidelines of their degree program; and students taking up graduate studies. The special summer classes must strictly observe social distancing and other safety requirements to prevent the spread of Covid-19," the CHED said.

In preparation for the return of classes after lifting the ECQ, the CHED also advised HEIs to adopt measures to safeguard the health and safety of their returning students, faculty and staff.

"Given the different community quarantine policies among various localities, all HEIs should ensure that appropriate protocols relative to community quarantine are followed, accordingly, prior to and upon re-entry of their constituents," it said. **(PNA)**

# BOC ensures continuous flow of goods during ECQ

IN its bid to deliver unabated service to stakeholders and the public, the Bureau of Customs (BOC) has instituted measures and processes to ensure that flow of goods remain unhampered amidst the period of enhanced community quarantine (ECQ).

Among the measures being done by the Bureau is the continuous search for alternate container yards to be used in transferring Customs-cleared containers. To date, 2738 containers have already been transferred to Pacific Roadlink Container, Inc. (PRLI), Manila North Harbour Port, Inc. (MNHPI), and Laguna Gateway Inland Terminal (LGIT) to ease yard utilization at the Manila ports.

Movement and transfer of reefer containers are also continuous with the Port of Manila (POM) and Manila International Container Port (MICP) coordinating with respective terminal operators for transfer of reefer vans to storage facilities on lease.

Last week, the BOC donated 320 containers of rice and 186 reefers of frozen fish to the Office of the Civil Defense (OCD) – Department of National Defense (DND). Preparations for withdrawal and distribution are now underway.

The BOC also ordered the disposal of overstaying and forfeited shipments through the condemnation of items not fit for human consumption. The expenses of which shall be shouldered by the shipping lines.

All these measures are being done by the Bureau to ensure that cargo traffic in the ports will remain smooth. Based on the data submitted by the terminal operators, the average utilization rate in MICP and POM for April 2020 is 78% and 63%, respectively.

The Bureau assures its stakeholders and the public that it is doing its best to deliver port services efficiently and expeditiously amidst the threat of COVID-19 pandemic.





*PERO...*

# TOTAL LOCKDOWN, APRUBADO KAY KAPITAN

**NAGPAHAYAG ng pagsang-ayon si Chairman Dave Lontoc, ng Barangay San Sebastian, Kawit, Cavite kung talagang ikokonsidera ni Pangulong Rodrigo Duterte ang pagpapatupad ng total lockdown.**

Gayunman ay mayroong mga 'pero' o pasubali si kapitan batay sa panayam sa kanya.

Maaari umano itong gawin pero kailangang maipagkaloob ng pamahalaan ang tulong lalo na sa mga maralita.

Aniya, isa sa mga dapat matiyak ay ang sapat o tamang pagkain habang ang total lockdown ay ipinatutupad.

Depende rin umano sa ipagkakaloob na ayuda ng gobyerno.

"Halimbawang tatlong kilong bigas lamang ang ibibigay ay kulang talaga at mahirap pagkasyahin para sa isang linggo. Siguro isang sakong bigas ay sapat o sobra na sa isang karaniwang pamilya para sa akmang panahon ng lockdown," aniya.

Sakali umanong maipatupad nga ang total lockdown ay sarado ang mga pamilihan at iba pang establisiyimento kaya problema rin sa parte ng mayayaman o sa mga kahit paano ay may kakayahan.

"May hawak ngang pera kaya lang walang mabibilhan kaya dapat bago man patutuparin ang total lockdown ay kailangang maisaayos ang lahat-lahat," paliwanag ni Lontoc.

"Sang-ayon naman tayo riyan sa total lockdown pero kailangang nasa maayos ang lahat," dagdag pa ni kapitan.

Nabatid na bukod sa regular na populasyon ng Barangay San Sebastian ay nadagdagan ang bilang dulot ng mga nasa construction sites na naabutan nang ideklara ang Luzon-wide enhance community quarantine.

"Kargo din naman sa barangay silang mga nasa constructrion para sa pagbibigay ng tulong o relief," pahayag ni tserman.

Kaugnay naman ng umiiral na curfew, sa kasalukuyan ay zero violator ang Barangay San Sebastian.

Kahit may ibinabang Executive Order si Mayor Angelo Emilio Aguinaldo kabilang ang pagsasara ng lahat ng estbalisiyimento sa buong Kawit na hanggang alas-5:00 lamang ng hapon ay sumunod umano ang mga nasa naturang barangay.

Muli ay nanawagan si Chairman Lontoc sa mamamayan ng Barangay Sebastian na panatilihin ang kooperasyon upang hindi makalusot ang COVID-19 dito. **ROMY SANTOS**

# Jeep vs. van; 1 patay, 2 sugatan

**NASAWI** ang isang 44-anyos na jeepney driver habang sugatan ang dalawa nitong pasahero nang nakasalpukan ang isang van sa Carmona, Cavite.

Idineklarang dead on arrival sa Pagamutan ng Carmona ang driver ng jeepney na si Noel Montealto, may-asawa, ng Brgy Ayusan 1, Tiaong, Quezon, habang ginagamot din sa nasabing pagamutan ang mga pasahero nitong sina Rosalie Agojo at Julito Quitay dahil sa tinamong sugat sa katawan.

Hawak naman ng pulisya ang driver ng isang Isuzau Ref Van na may plakang CAI 358 na si Alvin Llona, may-asawa, ng P-5 Brgy 33 PNR Penaranda St., Legaspi City, Albay.

Sa ulat ni Corporal Luciano Cortes, Jr., ng Carmona Municipal Police Station, dakong alas-5:50 ng hapon nang naganap ang insidente sa kahabaan ng Govenor's Drive, sakop ng Carmona kung saan binabagtas ng jeepney ang direksiyon ng Carmona proper galing sa GMA, Cavite.

Pero pagsapit sa nasabing lugar nang pumutok ang kanang bahagi ng gulong ng jeep dahilan upang mawalan ng kontrol sa manibela at okupahan ang kabilang linya ng kalsada at siya namang paparating ang minamanehong van ni Alcantara na nagresulta sa pagsalpukan ng mga ito at tumama rin sa isang puno ng kahoy.

Agad namang nagresponde ang mga rescue team ng Carmona MDRRMO at isinugod ang driver ng jeep at mga pasahero nito subalit idineklarang dead on arrival si Monetalto. **GENE ADSUARA**

# Hontiveros urges DOH, OWWA to improve assistance to returning overseas workers and their families

**SENATOR** Risa Hontiveros urged government to improve its assistance to Overseas Filipino Workers (OFWs) returning to the country due to the COVID-19 pandemic, as she sent relief packs for OFWs being held under quarantine in a hotel with allegedly poor and unhealthy conditions.

Hontiveros's office delivered food packages and hygiene kits to help the over a hundred OFWs staying in a designated quarantine hotel in Novaliches, Quezon City, after a media report revealed that the workers decried the hotel's poor sanitation and unsatisfactory services. The OFWs - who were working as seafarers- supposedly encountered dirty linen, insects on the hotel room floors, and brown water coming out of the hotel's faucets.

"Nagpadala po muna tayo ng paunang tulong para naman makakain at makapaglinis ng maayos ang ating mga OFWs na nasa hotel na ito. Definitely, it is unacceptable that our OFWs in this time of crisis are forced to suffer these unhealthy, unhygienic and undignified conditions, and government should act swiftly and decisively to solve this problem," she said.

The Senator noted that it is the Department of Health (DOH), through the Bureau of Quarantine, which clears and overseas the hotels being used for the mandatory 14-day quarantine imposed on overseas workers returning to the country.

The department, she said, must do more to prevent quarantine hotels from being "hotspots of diseases not limited to COVID-19."

"We are urging DOH to use its powers and resources and see to it that the concerns and complaints of these poor workers are immediately addressed. Huwag naman sana nating hayaan na magkasakit pa ang ating mga manggagawa dahil sa kawalan ng kalinisan ng kanilang tinutuluyan," she added.

Hontiveros then urged government agencies taking the lead in the fight against COVID-19 to ensure that OFWs - especially those who have lost their jobs and those who cannot return to their work overseas- will be provided more assistance by relevant government units during and after the current health crisis.

Particularly, she said that the DOH and the Overseas Workers Welfare Administration (OWWA) must ensure that OFWs stranded because of the ongoing travel bans, and those who are being held under quarantine, have proper food and lodging during the crisis. She added that these OFWs must be also provided with emergency subsidy programs, so that their families can cope with the sudden loss of income due to the pandemic.

"Ngayong nasa quarantine ang ating mga OFW at hindi natin sila pinapayagang bumiyahe, responsibilidad ng pamahalaan na siguraduhing ligtas at matiwasay na nabubuhay ang mga overseas workers at ang kanilang pamilya. Government must respond to the sacrifices and hardships of our OFWs with immediate and efficient government assistance," she said.

# 2 vendor, dedo sa punglo

**MISTULANG** hinanap ng dalawang vendor ang kanilang kamatayan na natapos naubos ang paninda ay nagtungo sa isang liblib na lugar at barilin ng 'di pa nakikilalang suspek sa Tanza, Cavite

Death on the spot ang mga biktimang sina Allan Colina, 35, tinapa vendor; at Lupes Ariano, vegetable vendor, at kapwa residente ng Brgy Halayhay, Tanza.

Inilarawan naman ang suspek na nakasuot ng jacket na tumakas sa direksiyon ng St John cemetery matapos ang krimen dala ang baril na ginamit.

Sa ulat ni PSSgt Joel Menoza, ng Tanza Municipal Police Station, dakong alas-5:30 ng hapon nang naganap ang insidente sa Sitio St. John Brgy. Biga, Tanza, kung saan sakay ang mga biktima ng isang motorsiklo na may plakang 4090 WG nang lapitan ng suspek at walang sabi-sabing binaril sa ulo na nagresulta sa kanilang agarang kamatayan.

Ayon kay PLtCol. Freddie Dantes, hepe ng Tanza MPS, tapos na umanong maglako ng kanilang paninda ang dalawa at nagkita lamang sa lugar nang naganap ang insidente.

"Ito yung tinitignan naming anggulo kung ano pa ang ginagawa at sadya ng dalawang biktima at nagtungo pa sa lugar eh napakalayo at malapit ito sa sementeryo."

Nabatid na sira umano ang Closed Circuit Television (CCTV) sa lugar.

Nabatid din na ang dalawa ay dating magkasama sa trabaho sa construction hanggang sa nakaisip na magtinda na lamang.

Inaalam pa ng pulsiya kung ano ang motibo sa pagpatay. **GENE ADSUARA**

# DENR calls for strong community cooperation to prevent forest fires

Calamba City, Laguna – The grass fire incident that occurred on April 5, 2020 damaged the ten (10) hectare grassland portion of the National Greening Program Plantation within the 550-hectare property of the Provincial Government of Rizal. This prompted the Quick Response Team of the Provincial Environment and Natural Resources Officer (PENRO) - Rizal to immediately investigate the incident amidst the lockdown.

The team suspects negligence of people engaged in upland activities, causing the 6-hour grassfire in the area. Patrolling activities are now intensified together with the local communities, led by the Barangay Officials, the LGU, local fire protection office and the forest rangers.

According to Provincial Environment and Natural Resources Officer (PENRO) of Rizal, Isidro Mercado, the communities should recognize the importance of grassland for ecosystem succession, soil erosion control and water conservation. He also mentioned that despite the lockdown, LAWIN patrollers are mobilized for fast detection and prevention of similar concerns, and the office continuously conducts public awareness campaigns thru various social media platforms.

DENR CALABARZON Regional Executive Director Gilbert Gonzales said, "The onset of the dry season signals heightened alert for similar risk areas. Grass and forest fires may impact adjacent protected areas and the communities that live nearby, which may lead to loss of life and property". He is also calling for stronger community and LGU cooperation to immediately address these concerns.

DENR CALABARZON is urging the public to report Environment and Natural Resources-related concerns via hotline 8888, sms to +639456215007/ +639083340224, email to denr4a.ord@gmail.com , or send photos, videos and other information via https://www.facebook.com/DENR4AOfficial/

# HEPE NG PULISYA NG 'DASMA, NABARIL SA ENGKUWENTRO

**SUGATAN ang hepe ng Dasmarinas City Police Station matapos na nagresponde sa isang buy bust operation at nagresulta sa pagkakaaresto sa magulang ng miembro ng Camantigue Drug Group at anim na iba pa kabilang ang 3 barangay tanod sa Dasmarinas City, Cavite.**

**Ginamot sa isang ospital si PLtCol Richard Ian Tubiera Ang, hepe ng Dasmarinas CPS, dahil sa tama ng bala sa kanang hita.**

Hawak ng Dasmarinas City Police Station ang mga suspek na sina Percival Camantuigue , 62, at asawa nitong si Josephine, 54, kapwa residente ng Block 22, Lot 7 Brgy Salawag, Dasmarinas City; Sherwin Rundina, 38, ng Blk 148 Lt 3, Mabuhay City, Brgy Paliparan 3, Dasmarinas City; Elorde Alangan, 45, ng Excess Lt, South 2, Brgy San Marino, Dasmarinas City; Geralnd Pakingan, Chief Tanod; at ang mga tanod na sina Jovy Gerandoy, 47; at Alejandro Dacumos, 30, ng Brgy Salawag.

Sa ulat ni Pat Arthur Rejano, ng Dasmarinas CPS, dakong alas-10:00 ng gabi nang nagsimula ang buy bust operation sa San Marino City, Brgy Salawag.

Nauna rito, nagsagawa ng buy busT operation ang Dasmarinas CPS na pinamunuan ni Ang kung saan nagkaroon ng transaksiyon sa pagitan ng poseur buyer at sakay ng isang kulay metallic Orange na Toyota Vios na may plakang NAI 3081 na sina Rondina at Alangan.

Gayunman, nang naramaadaman na pulis ang ka-transaksiyon ng dalawa ay nagpaputok ang mga ito at pinasibad ang kanilang sasakyan kung saan nagkaroon ng habulan pero sa bandang huli ay nasukol din ang dalawa at nagresulta sa pagkakakumpiska ng 9mm na baril, mga bala, tinatayang P61,000 halaga ng hinihinalang shabu.

Gayunman, hindi pa man nakakaalis ang grupo ni Ang sa nasabing lugar nang nakatanggap siya ng tawag mula kay PCapt Edison Vitto kung saan humingi ng back-up sa isinasagawang operasyon sa isa sa miembro ng Camantigue Drug Group na si Jerome Camantigue.

Agad na nagtungo ang grupo ni Ang sa San Marino City Phase 5, Brgy Salawag kung saan naabutan ang putukan na nagresulta sa pagkakabaril sa kaliwang hita ng chief o police.

Bagama't hindi naaresto ang target na si Jerome, naaresto naman ang mga magulang nito kung saan nasamsam ang tinatayang P19,720 halaga ng shabu .

Papalabas na ang grupo ni Ang sa nasabing lugar nang sitahin naman sila ng grupo ni Pakingan at hingan sila ng awtoridad sa pagsasagawa ng operasyon sa lugar dahilan upang sila naman ang balikan at kinumpiska ang kanilang mga dalang baril.

Kasong paglabag sa Obstruction of Justice, RA 10591 (Illegal Possesion of Firearm and ammunition) Violation of Article II RA 9165 at Frustrated Homicide ang isinampa laban s mga naarestong suspek. **GENE ADSUARA**



**BINANGGIT** ni MPD Director B/Gen. Rolando Miranda kay NCRPO chief, Major/Gen. Debold Sinas na ang 75 nutrition food packs ay para sa mga front liners na pulis nakaquarantine. Ang donasyong ito ay sa pakikipagtulungan ni Col. Magno Manuel, MPD PIO, katuwang ang Association of Police Officers Via Lateral Entry Inc. (APOLE). **CHRISTIAN HERAMIS**



Senator Risa Hontiveros sends relief packs to OFWs stuck in 'filthy' quarantine hotel. **PR**



Food supplements for NPC: Iniabot nina Lion Director Hilda Ong at Pasay City Host Lions Club President Lydia Bueno ang donasyon. Ito ay mula sa St. Stephen School Alumni Association. **CHRISTIAN HERAMIS**



**KASAMA** ni Kagawad Fermin A. Aguillar sina BPSO June Rodelas, Jericho Parreno, Agustin Torres at Arnel Qiemuel nitong Abril 17 bilang isa sa mga front liners ng Barangay Potol Magdalo, Kawit, Cavite. Nagpapasalamat naman sila dahil sa kooperasyon ng mga napapadaan sa kanilang binabantayang barikada. Nabanggit naman ni Kagawad Aguillar na mistulang 'ghost town' ang mga lugar sa kanilang barangay pagsapit ng curfew dahil sa pagtalima ng mga residente. **ROMY SANTOS**

# HANEP

Basahin Mo Ito!

## KALIBRE



**ROMY SANTOS**
0977-7844136

## Nabubuhay sa perya, nakasama ba sa ayuda?

**KANSELADO** ang pagdiriwang sa lahat ng kapiyestahan sa lalawigan ng Romblon hanggang sa Disyembre 31 o hanggang sa pagtatapos ng kasalukuyang taon.

Batay ito sa napagkasunduan ng League of Municipalities of the Philippines - Romblon chapter.

Naipasa ang resolusyon nitong Abril 13 sa pagtitipon ng 2nd Defeat Covid-19 Task Force sa Odiongan, Romblon.

Ang paliwanag ni Romblon Mayor Gerard Montojo, na siya ring pangulo ng LMP-Romblon, ang perang panggastos doon sa mga darating pang piyesta ay ilalaan na lamang bilang tulong sa mga pamilyang apektado ng krisis dulot ng COVID-19 sa lalawigan.

Sinuportahan ni Congressman Eleandro Madrona ang hakbang na ito ng mga mga alkalde.

Sa halip na magkaroon ng malaking pagtitipon ay idaos na lamang sa simpleng misa batay sa mungkahi ng kongresista.

Ibig sabihin, sa mga may paparating o nakatakdang piyesta roon ay walang selebrasyong magaganap.

Nangangahulugan din ba na walang karnabal o peryahang maitatayo sa buong taong ito kahit wala na ang COVID-19?

Tradisyon na tuwing panahon ng mga piyesta ang paglalagay ng peryahan lalo na sa mga lalawigan.

Marami ring tauhan o personnel ang isang peryahan at naroon ang kanilang ikinabubuhay para sa sarili at pamilya nila.

Sa pag-atake ng virus ay kabilang din ang mga nabubuhay sa perya sa labis na naapektuhan.

Kabilang sila sa mga itinuturing na 'isang kahig isang tuka' na kailangang gabi-gabi ay magtatrabaho sa perya upang magkaroon ng panggastos sa arawang pangangailangan.

Ang katanungan ay napasama ba sila sa ayuda ng gobyerno partikular ang social amelioration program?

Isa sa mga naibabahagi ng mga nabubuhay sa perya ay ang pagbibigay ng saya.

Sa loob ng peryahan ay maririnig ang labis na hiyawan o sigawan na naglalarawan ng kasiyahan ng mga nagpupunta roon.

Sa Romblon ay malamang na walang peryahang maitatayo subalit paano kung maging ang iba pang lugar o lalawigan ay magdeklara rin ng ganitong resolusyon?

'Paktay ang mga nabubuhay sa perya, hanggang sa matapos ang kasalukuyang taon ay 'nganga' sila.

Pwedeng sabihing hanap muna ng ibang paraan ng pagkakakitaan.

May nakausap akong dalawang nagtatrabaho sa perya bago pa man ideklara ni Pangulong Rodrigo Duterte ang enhanced community quarantine sa National Capital Region.

Dahil stop operation na sila ay nagpasya ang lalaki na mamasada ng pedicab.

Iyong isang babae naman ay minabuting maglako muna ng kaunting paninda sa mga kalsada.

Pero nang ipatupad na ang ECQ sa buong Luzon ay hindi na rin nakapaglabas ng pedicab si lalaki at hindi na rin nakapagtinda si babae.

Bawat isa sa atin ay mayroong nararamdamang saya sa kung ano ang ating trabaho o ikinabubuhay.

Silang mga ikinabubuhay ay dahil sa perya ay nagsasabing doon sila masaya sa peryahan.